

BALANGKAS NG PROYEKTO

Inaanyayahan ng San Francisco Arts Commission (SFAC) ang mga artista (mga alagad ng sining) at mga pangkat ng artista na naninirahan sa Estados Unidos para isumite ang kanilang kwalipikasyon sa **Bayview Artist Registry** nang sila ay mabilang sa mga paparating na oportunidad sa pampublikong sining sa distrito ng Bayview ng San Francisco. Ang mga artista na mayroong malalim na koneksyon sa Bayview—nakatira man sa kasalukuyan, nanirahan sa Bayview noon, o may mahalagang koneksyon sa Bayview—ay hinihikayat na mag-apply.

Gagampanan ng Bayview Artist Registry ang tungkulin sa pamimili ng mga artista para makomisyon sa iba't ibang proyekto sa sining na nauugnay sa kasalukuyan at paparating na konstruksyon sa loob ng Bayview, kasama ang mga pagpapaunlad sa Southeast Wastewater Treatment Plant, konstruksyon ng bagong Southeast Community Center sa 1550 Evans, at pagpapalawak ng Southeast Health Center, at konstruksyon sa [India Basin Shoreline proyekto sa pampublikong sining ng 900 Innes](#). Gagamitin ang Registry para sa mga proyektong ito at sa mga iba pa na paparating hanggang Pebrero 2021.

Naghahanap ang Arts Commission ng mga visual artists (mga alagad ng sining na gumagamit ng biswal na midyum sa kanilang obra) na nais sumali sa **Bayview Artist Registry**; mga visual artist na gumagamit ng iba't ibang midya at artistikong pamamaraan. Hinikayat namin na mag-apply ang mga artista na direktang nakikipag-ugnayan sa komunidad para sa pag-disenyo o paglikha ng kanilang sining. Hindi kinakailangan na magkaroon ng nakaraang karanasan sa pampublikong sining para sa pag-apply.

Kasalukuyang isinasaalang-alang ang mga artista ng Bayview Artist Registry sa mga sumusunod na proyekto sa pampublikong sining*:

- [900 Innes—India Basin Shoreline Park Public Project](#) (**Application Deadline: June 29, 2020**)
- Southeast Health Center Expansion—Community History Wall (**Application Deadline: Friday, September 25, 2020**)
- Southeast Community Center at 1550 Evans—2D Artwork Program (**Application Deadline: Friday, September 25, 2020**)
- Southeast Community Center at 1550 Evans—Logo Design (**Application Deadline: Friday, September 25, 2020**)

*Kung kayo ay kasalukuyang artista sa loob ng Bayview Artist Registry, at nais ninyong baguhin ang inyong materyales sa aplikasyon, mangyaring magpadala lamang ng email sa craig.corpora@sfgov.org

Deskripsyon ng Proyekto

KASAYSAYAN AT PAPANATILING NA MGA SITE SA PROYEKTONG PAMPUBLIKONG SINING

Matatagpuan sa timog-silangang bahagi ng San Francisco ang mga purok ng Bayview at Hunters Point na mayroong mayaman sa kasaysayan, simula pa noong panahon ng mga mamamayang Ohlone na kinikilala bilang pinakaunang taong nanirahan dito. Isang maksaysayan na tirahan ng mga uring manggagawa ang distritong ito, simula pa noong kalagitnaan ng siglo ng 1800 nang lumipat dito ang mga matadero (slaughterhouses) ng Lungsod, at mga kaugnay na industriya sa lugar, kasunod ng mga operasyon ng dosenang nayon sa pag-ani ng hipon sa tabi ng India Basin. Nang pinaunlad ang mga naval shipyard (daungan ng barko) noong World War II, at kasunod na mga industriya ng barko, nagdagsaan ang pagdating ng mga African American mula sa katimugan ng Estados Unidos (South), na siyang nagtatalaga sa Bayview Hunters Point bilang nag-iisang distrito ng San Francisco na mayroong mayoryang maunlad at masaganang komunidad ng African American. Ang pagsasara ng mga shipyard pati at pag-adbokasiya ng komunidad laban sa kapaligirang polusyon, pabahay na mababa ang kalidad, limitadong trabaho, karahasan na dulot ng pulis at diskriminasyon na batay sa lahi ay naging sanhi ng mobilisasyon ng mga miyembro ng komunidad na ipaglaban ang mga rekurso at pagpapaunlad sa pabahay at trabaho, pati na rin sa mga oportunidad sa edukasyon, sining at kultura sa Bayview. Simula noong dekada ng 1990, naging sanhi ng paglipat-papaalis (out-migration) at sapilitang-pagpapaalis (displacement) sa karamihan ng mga residente ang mga pagpupunyagi ng redevelopment (muling pagpapaunlad ng kalunsuran), mas lalo na sa mga African American. Sa kasalukuyan, ang Bayview ay nanatili bilang nagbabagong distrito na may tumataas na pamumuhunan mula sa Lungsod at County ng San Francisco, pati na rin ang mga signipikong proyekto sa pagpapaunlad sa loob nito kabilang ang Hunters Point Shipyard at Candlestick Park.

Sa loob ng halos 50 taon, itinaguyod ng Bayview Hunters-Point ang isang masiglang kultura sa sining. Bilang konteksto ng tradisyon na ito, at sa pagsunod sa 2% para sa Arts Ordinance ng Lungsod, inaatasan ang pampublikong sining kasabay ng mga sari-saring proyekto sa pagpapaunlad ng kapital sa iba't ibang lokasyon sa loob ng Bayview. Ang mga artista na kasali sa **Bayview Artist Registry** ay kwalipikado at maaring piliin para sa lahat ng mga oportunidad sa proyekto na siyang lalabas sa susunod na mga taon.

Magsisilbi bilang gabay ang [Bayview Arts Masterplan](#) para sa mga artista na pipiliin sa mga oportunidad sa sining ng SFPUC.

Proseso ng Pagpili

PAANO GAGAMITIN ANG REGISTRY?

Gagamitin ang **Bayview Artist Registry**, at ginamit na rin noon, para sa paghirang ng mga artista para sa mga oportunidad sa pampublikong sining sa distrito ng Bayview-Hunters Point sa San Francisco. Pipiliin ang mga artista batay sa ka pagkaakma ng media at karanasan ng artista para sa mga espisipikong rekisito ng proyekto. Ang mga aplikante na kasalukuyang napapaloob sa 2019-2020 Prequalified Pool na siyang kwalipikado at interesado sa mga proyektong ito ay dapat magsumite ng aplikasyon para sa Registry.

Sa bawat proyekto, o serye ng mga proyekto, pagtitipon ng Arts Commission ang isang Qualification Panel para repasuhin ang mga aplikasyon ng **Bayview Artist Registry**. Ang

mga panelista na nagsisilbi sa loob ng Qualification Panel ay mayroong dalawang propesyonal sa sining at isang staff ng SFAC. Sasalain muna ang mga aplikante para sa kanilang minimum na kwalipikasyon, batay sa mga pamantayan na sumusunod:

- Kumpleto ang aplikasyon.
- Inilalarawan ng aplikasyon na isinumite ng artista ang kanilang sariling orihinal at malikhaing produkto.
- Naipapakita ng likhang-sining na isinumite ang pangkaraniwang propesyonal na kalidad ng pagkakagawa, kahusayan sa kasanayan at sining, propesyonal na pamamaraan sa proseso at pagtatanghal, at/o komunikasyon sa isang natatanging pangitain o pananaw
- Mayroong ebidensya na naipapakita sa loob ng resume ng artist ang propesyonal na kakayahan. Ang mga kwalipikadong aktibidad ay maaaring maging kombinasyon ng iilan sa sumusunod: edukasyon at pagsasanay bilang alagad ng sining; isang rekord ng exhibition; mga nakaraang pampubliko o pribadong komisyon; pakikilahok sa mga programang artist-in-residency, o iba pang kaugnay na mga aktibidad na nagpapahiwatig ng propesyonal na kasanayan.

Gagamitin ng panel ang mga sumusunod na kriterya para bigyan ng puntos ang lahat ng mga natitirang portfolio:

- Artistikong kahusayan
- Mahalagang koneksyon ng artista sa komunidad ng Bayview
- Wastong paglalarawan, istilo o pamamaraan para sa pampublikong puwang. Isang malawak na hanay sa paglalarawan at istilo na naaayon para sa isang pampublikong lugar ay maaaring konsiderahin, mula sa figurative (matalinghaga), representational, abstract, o non-objective. Kasali sa mga halimbawa ng hindi nawa-wastong nilalaman sa paglalarawan ang mga relihiyoso o malalawang imahe. Maaring kabilang sa mas gustong pamamaraan ang direktang pakikipag-ugnayan sa komunidad para disenyuhin o gawin ang likhang-sining.
- Propesyonal na kakayahan

Unang ginanap ang Qualification Panel noong Mayo 2019 at inilunsad nito ang isang Bayview Prequalified Artist Pool. Kasunod sa mga aplikasyon sa Registry, at mga alagad ng sining na nag-sumite ng na-update na materyales sa aplikasyon, nakatakda ang pagsusuri ng karagdagang Qualification Panel sa Hulyo 2020 at Oktubre 2020. Idadagdag ang mga kwalipikadong artista sa Bayview Prequalified Artist Pool. Gagamitin ang Pool sa pagbuo ng isang maikling listahan ng mga artista para konsiderahin ng isang selection panel na magtitipon-tipon para sa bawat proyekto.

Susuriin at gagawa ng mga rekomendasyon ang ad-hoc selection panel, kasama ng mga stakeholder ng komunidad (mga miyembro ng komunidad mula sa iba't ibang sektor at panig ng karanasan), ang mga kwalipikadong kandidato. Ihahatid sa Arts Commission ang rekomendasyon ng panel para sa huling pag-apruba.

Lahat ng kwalipikasyon sa Pampublikong Sining at mga miting ng selection panel ay bukas sa publiko at ipapaskil sa website ng Arts Commission nang maaga, 72 oras bago ng kaganapan. Para makita ang iskedyul ng miting para sa mga proyekto ng pampublikong sining, mangyaring bisitahin lamang ang pahina ng [kalendaryo sa website](#) ng SFAC.

Paraan sa Pag-Apply

Mahamanap ang aplikasyon sa loob ng **SlideRoom**, isang sistema sa pag-apply gamit ang internet para sa lahat ng panawagan na lumahok. Walang sinisingil na bayad mula sa mga artista na gagamit ng SlideRoom. Mangyaring siguraduhin lamang ang pagbibigay ng sapat na oras para isumite ang inyong aplikasyon nang maiwasan ang mga teknikal na problema na maaaring mangyari. Hindi tatanggapin ang mga aplikasyon na ipinadala gamit ang koreo, email, fax, o personal na inihatid.

Ang petsa sa mga deadline (huling panahon sa pag-sumite) para sa mga proyekto sa hinaharap ay ilalagay sa website ng Arts Commission.

Kasali sa mga materyales ng aplikasyon:

1. Resume

- Kung kayo ay maga-apply bilang isang grupo, paki-lagay ang resume ng inyong grupo/studio. Kung hindi ito makukuha, mangyaring ipunin lamang ang indibidwal na resume (isa-isahin) ng bawat miyembro ng inyong pangkat sa iisang dokumento.

2. Letter of Interest (Sulat sa Pagiging Interesado)

- Isang pahina ang maximum.
- Buod ng sentro ng inyong sining. Dapat isama dito ang isang maikling deskripsyon ng inyong mga aspirasyon at mga interes na napasa-salamin sa inyong likhang-sining.
- Kabuuran ng inyong propesyonal na tungkulin (career), at kung papaano kayo nagiging kwalipikado sa isang proyekto ng pampublikong sining batay sa inyong karansan.
- Manyaring ipahiwatig lamang kung kasali sa inyong proseso ang direktang pakikipag-ugnayan sa komunidad para disenyuhin o gawin ang inyong likhang-sining.
- Huwag gumawa ng espisipikong proposal para sa isang bagong komisyon.

3. Malalim at Mahalagang Kaugnayan sa Bayview

- Manyaring ipaliwanag lamang ang inyong kaugnayan sa komunidad ng Bayview. Bilang isang halimbawa sa koneksyon ninyo ang kasalukuyang pagiging residente sa distrito, dating nanirahan sa Bayview, o iba pang signipikong kaugnayan sa Bayview.

4. 10 imahe (larawan o litrato) ng dating obra

- Tumatanggap ang SlideRoom ng kahit anumang uri ng image file, hanggang 5MB. Dapat hindi kukulang sa 72 dpi at hindi hihigit sa 1280 x 1280 pixels ang laki ng mga litrato.
- Sa bawat aplikasyon ng pangkat, mangyaring tukuyin ang artista na namumuno sa bawat proyekto.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa imahe, manyaring pumunta lamang [dito](#).

5. Deskripsyon ng imahe

- Kapag na-upload na ninyo ang inyong mga litrato, hihingiin ng SlideRoom ang mga deskripsyon ng bawat imahe. Mangyaring isama lamang ang pamagat, midyum, sukat (dimensions), taon at presyo ng bawat obra. Maaari rin kayong maglagay ng maikling pahayag (maximum ng 2 pangungusap) bawat obra. Paki-lagay lamang kung kasama sa inyong obra ang direktang pakikipag-ugnayan sa komunidad sa paglikha ng dinisenyo at paggawa ng inyong likhang-sining.

Tingnan ang aming **["How to Apply to Calls"](#)** para sa mga nakatutulong na impormasyon kung papaano magsumite ng pinaka-mapagkumpitensyang aplikasyon.

Manyaring tandaan lamang na maaaring makatulong sa pagsagot ng mga tanong ang mga Arts Commission staff tungkol sa panawagan na ito hanggang 5 p.m. (PST) sa petsa ng deadline. Lahat ng mga tanong ay dapat ihatid kay Craig Corpora sa craig.corpora@sfgov.org, o 415-252-2249.

Makakahanap ng suportang teknikal para sa SlideRoom mula Lunes - Sabado sa pamamagitan ng email, 9 a.m. - 9 p.m (CST) support@slideroom.com

PANATILIHIN ANG PAKIKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Hinihikayat namin na sumali ang mga alagad ng sining na interesado iba pang komisyon sa pampublikong sining sa pamamagitan ng [newsletter](#) ng Arts Commission.

BAYVIEW ARTIST REGISTRY

Elegibilidad

Bukas ang elegibilidad sa mga propesyonal at nagsasanay na mga alagad ng sining na naninirahan sa Estados Unidos. Tatanggalin mula sa konsiderasyon ang mga entrada na hindi nakapaloob sa gabay ng elegibilidad.